CITY OF LONG BEACH

Health and Human Services

2525 Grand Avenue, Long Beach, CA 90815

(562) 570-4000 FAX (562) 570-4049

Abiso Tungkol sa mga Kasanayan sa Privacy

INILALARAWAN SA ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG PERSONAL AT MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO KAYO MAGKAKA-ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Inilalarawan sa Abiso Tungkol sa mga Kasanayan sa Privacy kung paano namin maaaring gamitin at isiwalat ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan (PHI) upang maisagawa ang paggamot, pagbabayad, o operasyon ng pangangalagang pangkalusugan (TPO) at para sa iba pang mga layuning pinahihintulutan o iniaatas ng batas. Inilalarawan din dito ang inyong mga karapatang i-access at kontrolin ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan. Ang "pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan" ay impormasyon tungkol sa inyo, kabilang na ang demograpikong impormasyon, na maaaring makakilala sa inyo at may kinalaman sa kondisyon ng inyong kalusugang pisikal o mental sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap at mga kaugnay na serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Mga Kamakailang Update sa Panuntunan sa Privacy ng Batas sa Pagpapasa at Pananagutan ng Paseguruhang Pangkalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA)

Bilang tugon sa mga kamakailang pagbabago sa batas at regulasyon, kabilang na ang mga update na sumusuporta sa kalusugan ng reproductive system at tumutugon sa mga panukalang isinagawa sa Abiso Tungkol sa Panukalang Paggawa ng Panuntunan para sa Pagiging Kumpidensiyal ng mga Rekord ng Pasyente para sa Sakit Kaugnay ng Paggamit ng Substance (SUD) ("Part 2 NPRM"), ayon sa iniaatas o alinsunod sa Batas para sa Tulong, Pampaginhawa, at Seguridad sa Ekonomiya Kaugnay ng Coronavirus (CARES) ng 2020, na-update na namin ang aming mga kasanayan sa privacy tulad ng sumusunod:

Mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Pinoprotektahang Impormasyong Pangkalusugan (PHI)

Ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at isiwalat ng inyong manggagamot, ng aming mga kawani sa tanggapan, at ng iba pa sa labas ng aming tanggapan na may kinalaman sa inyong pangangalaga at paggagamot upang makapagbigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa inyo, upang mabayaran ang inyong mga bill sa pangangalagang pangkalusugan, upang masuportahan ang pagsasagawa ng manggagamot sa trabaho nito, at anupamang ibang paggamit na pinahihintulutan o iniaatas ng batas.

Paggamot: Gagamitin at isisiwalat namin ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan upang ibigay, i-coordinate, o pangasiwaan ang inyong pangangalagang pangkalusugan at anumang kaugnay na serbisyo. Kasama na rito ang pag-coordinate o pangangasiwa sa inyong pangangalagang pangkalusugan kasama ng isang third party. Halimbawa, maaaring ibigay ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa isang manggagamot kung kanino kayo ini-refer upang tiyaking magkakaroon ang manggagamot ng kinakailangang impormasyon upang i-diagnose o gamutin kayo.

Pagbabayad: Ang inyong pinoprotektahang imoprmasyong pangkalusugan ay gagamitin, kung kailangan, upang makakuha ng bayad para sa inyong mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, sa pagkuha ng pag-aproba para sa pamamalagi sa ospital, maaaring kailanganing isiwalat sa planong pangkalusugan ang inyong angkop na pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan upang makakuha ng pag-aprobamg ma-admit sa ospital.

Operasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan: Maaari naming gamitin o isiwalat, kung kailangan, ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan upang masuportahan ang mga aktibidad sa pagnenegosyo kaugnay ng trabaho ng inyong manggagamot. Kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagtatasa ng kalidad, pagsusuri ng empleyado, pagsasanay ng mga estudyante ng medisina, paglilisensiya, pangangalap ng pondo, at pagsasagawa o pag-aasikaso ng

iba pang mga aktibidad sa pagnenegosyo, bukod sa iba pa. Halimbawa, maaaring isiwalat ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa mga estudyante ng paaralan sa medisina na tumitingin sa mga pasyente sa aming tanggapan. Bukod pa rito, maaari kaming gumamit ng sheet para sa pag-sign in sa mesang pangrehistrasyon kung saan hihilingin sa inyo na ilagda ang inyong pangalan at isaad ang inyong manggagamot. Maaari din namin kayong tawagin gamit ang inyong pangalan sa kuwartong hintayan kapag handa na kayong makita ng inyong manggagamot. Maaari naming isiwalat ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan, kung kailangan, upang makipag-ugnayan sa inyo upang ipaalala ang inyong appointment at ipaalam ang tungkol sa mga alternatibo sa paggamot o iba pang mga benepisyo o serbisyo kaugnay ng kalusugan kung saan kayo maaaring maging interesado.

Mga Partikular na Paggamit at Pagsisiwalat

Impormasyon Tungkol sa Kalusugan ng Reproductive System Alinsunod sa na-update na Panuntunan sa Privacy ng HIPAA, nangangako kaming tiyakin ang pagiging kumpidensiyal at seguridad ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng inyong reproductive system. Kabilang na rito ang anumang impormasyong may kinalaman sa pagpaplano ng pamilya, pagbubuntis, pagpigil sa pagbubuntis, paggamot sa kakayahang magbuntis, at iba pang kaugnay na serbisyo. Hindi namin isisiwalat ang impormasyong ito nang wala ng inyong tahasang awtorisasyon, maliban kung iaatas ng batas o sa mga partikular na sitwasyon gaya ng:

- **Sa Inyong mga Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan:** Para sa paggamot upang matiyak na magpapatuloy ang pangangalaga.
- **Sa mga Awtoridad sa Kalusugan ng Publiko:** Kung iniaatas ng batas para sa pag-uulat ng kalusugan ng publiko.
- **Upang Pigilan ang Malulubhang Banta:** Kung kailangan upang pigilan ang isang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan:

Mga Rekord ng Sakit Kaugnay ng Paggamit ng Substance: Bilang pagsunod sa CARES Act at sa panukalang Part 2 NPRM, pananatilihin naming kumpidensiyal ang inyong mga rekord sa paggamot ng sakit kaugnay ng paggamit ng substance at isisiwalat lang namin ang mga ito kung may pahintulot ninyo, maliban kung iniaatas o pinahihintulutan ng batas.

Maaari naming gamitin o isiwalat ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa mga sumusunod na sitwasyon nang walang awtorisasyon mula sa inyo. Kabilang sa mga sitwasyong ito, ayon sa iniaatas ng batas, ang mga isyu sa kalusugan ng publiko ayon sa iniaatas ng batas, nakahahawang sakit, pagsusubaybay ng kalusugan, pang-aabuso o kapabayaan, mga kinakailangan sa pagbibigay ng pagkain at gamot, legal na paglilitis, pagpapatupad ng batas, mediko-legal, direktor ng punerarya, at pag-donate ng organ, pananaliksik, kriminal na aktibidad, aktibidad ng militar, at pambansang seguridad, kompensasyon ng mga manggagawa, bilanggo, at iba pang mga kinakailangang paggamit at pagsisiwalat.

Sa ilalim ng batas, kailangan naming magsiwalat sa inyo kapag hiniling ninyo. Kailangan din naming isiwalat ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan kapag iniatas ng Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao upang siyasatin o alamin kung nakasusunod kami sa mga kinakailangan sa ilalim ng Seksiyon 164.500.

Ang iba pang Pinahihintulutan at Iniaatas na Paggamit at Pagsisiwalat ay isasagawa lang kung mayroon ng inyong pahintulot, awtorisasyon, o pagkakataong tumutol maliban kung iniaatas ng batas. Maaari ninyong bawiin ang awtorisasyon, anumang oras, sa isang sulat, maliban kung nagsagawa ng aksiyon ang inyong manggagamot o ang trabaho ng inyong manggagamot na nakasalalay sa paggamit o pagsisiwalat na nakasaad sa awtorisasyon.

CITY OF LONG BEACH

Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao

(562) 570-4000 FAX (562) 570-4049

Ang Inyong mga Karapatan

Ang sumusunod ay mga pahayag tungkol sa inyong mga karapatang may kinalaman sa inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan:

1. Karapatang Mag-inspeksiyon at Magkaroon ng Kopya: Mayroon kayong karapatang inspeksiyunin at kopyahin ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan (maaaring may kailangang bayaran). Gayunman, sa ilalim ng batas pederal, maaari ninyong inspeksiyunin o kopyahin ang mga sumusunod na rekord: mga tala para sa psychotherapy, impormasyong nilikom dahil sa makatwirang pag-aabang, o ginagamit, sa isang sibil, kriminal, o administratibong aksiyon o paglilitis, pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan na pinaghihigpitan ng batas, impormasyong kaugnay ng medikal na pananaliksik kung saan kayo sumang-ayong lumahok, impormasyon na kapag isiniwalat ay maaaring magresulta sa kapahamakan o pinsala sa inyo o sa iba pang tao, o impormasyong kinuha nang may pangakong ituturing itong kumpidensiyal.

2. Karapatang Humiling ng mga Restriksiyon: Mayroon kayong karapatang humiling ng restriksiyon o limitasyon sa paggamit o pagsisiwalat ng inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o operasyon ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari ninyong hilinging hindi isiwalat ang anumang bahagi ng inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa mga kapamilya o kaibigan na maaaring may kinalaman sa inyong pangangalaga o para sa pag-abiso ayon sa inilalarawan sa Abiso Tungkol sa mga Kasanayan sa Privacy. Dapat ipahayag sa inyong hiling ang partikular na restriksiyon at kung kanino ninyo gustong ipataw ang restriksiyon. Hindi kinakailangang sumang-ayon ang inyong manggagamot sa inyong hinihiling na restriksiyon.

3. Karapatan sa Kumpidensiyal na Komunikasyon: Mayroon kayong karapatang hilinging makipag-usap kami sa inyo tungkol sa mga usaping medikal sa partikular na paraan o sa partikular na lokasyon.

4. Karapatang Kumuha ng Papel na Kopya: Mayroon kayong karapatang kumuha ng papel na kopya ng abisong ito mula sa amin, kung hihilingin ninyo, kahit na nakipagkasundo kayong tanggapin ang abisong ito sa paraang elektroniko.

5. Karapatang Humiling ng Pag-amyenda: Mayroon kayong karapatang hilinging amyendahan namin ang inyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan kung naniniwala kayong mali ito o hindi kumpleto. Kung tatanggihan namin ang inyong hiling para sa pag-amyenda, mayroon kayong karapatang maghain ng pahayag ng hindi pagsang-ayon sa amin, at maaari kaming maghanda ng pagkontra sa inyong pahayag. Bibigyan namin kayo ng kopya ng anumang nasabing pagkontra.

6. Karapatan sa Talaan ng Bilang ng Pagsisiwalat: Mayroon kayong karapatang tumanggap ng talaan ng bilang ng lahat ng pagsisiwalat maliban sa mga pagsisiwalat na: alinsunod sa isang awtorisasyon, para sa paggamot, pagbabayad, o operasyon ng pangangalagang pangkalusugan; na iniaatas ng batas, na naganap bago ang petsang Abril 14, 2003, o anim na taon bago ang petsa ng paghiling.

7. Karapatan sa Papel na Kopya ng Abisong Ito: Mayroon kayong karapatang makakuha ng papel na kopya ng abisong ito mula sa amin kahit na nakipagkasundo kayong tanggapin ang abisong ito sa paraang elektroniko.

Nakalaan sa amin ang karapatang baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito at aabisuhan namin kayo tungkol sa mga nasabing pagbabago sa susunod na appointment. Maghahanda rin kami ng mga kopya ng aming bagong abiso kung nais ninyong makakuha nito.

Mga Reklamo

Maaari kayong magreklamo sa amin o sa Kalihim ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao kung naniniwala kayong nalabag namin ang inyong mga karapatan sa privacy. Maaari kayong maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng

pag-abiso sa aming Opisyal para sa Pagsunod sa HIPAA tungkol sa inyong reklamo. Hindi kami maghihiganti sa inyo dahil sa paghahain ninyo ng reklamo.

Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy at ibigay sa mga indibidwal ang abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy na may kinalaman sa pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan. Inaatasan din kaming sumunod sa mga tuntunin ng abisong kasalukuyang ipinatutupad. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa form na ito, hilinging makipag-usap sa aming Opisyal para sa Pagsunod sa HIPAA sa pamamagitan ng telepono sa 562-570-4225.